

# Patuloy na Maging Alerto sa mga Aral na Natutunan mula sa Second Wave

Sa pag-unawa at kooperasyon ng mga mamamayan ng prepektura, napagpasyahan na pansamantalang kanselahin ang "2<sup>nd</sup> Wave State of Emergency Declaration", dahil naniniwala kami na ang "state of emergency" ay nalampasan sapagkat naobserbahan na hindi lumawak ang impeksyon.

Gayunpaman, may posibilidad na humantong muli sa mabilis na pagkalat sa 3<sup>rd</sup> Wave kung magkukulang sa pag-iingat. Ipagpatuloy natin ang masugid na pag-iingat!

## 1 Iwasan ang mga Lugar na Mataas ang Panganib na Maging Infected

- Karamihan sa mga "cluster" ay naganap sa mga saradong lugar, tulad ng mga kainan na naga-alok ng alak kasama ang maraming bilang ng mga tao, pagdiriwang, karaoke at pagpunta sa mga clubs.

Samakatuwid, hinihiling namin sa inyo na ipagpatuloy na iwasan ang mga sitwasyong ito at mag-ingat sa inyong kilos. Lalong mapanganib ang kilos na "pag-alis ng mask at magpatuloy makipag-usap ng matagal pagkatapos kumain at uminom".

## 2 Protektahan ang Pamilya

- Ang 2<sup>nd</sup> Wave, na nagsimula pangunahin sa mga kabataan, at unti-unting kumalat sa may edad na at matatandang tao na unti-unting naging dahilan ng impeksyon sa loob ng pamilya. Tumaas rin ang bilang ng mga taong may matinding karamdaman. Upang patuloy na maprotektahan ang mahahalagang miyembro ng pamilya, tulad ng mga matatandang may mataas na peligro na magkaroon ng malubhang karamdaman, kailangan din iwasan ng mga batang henerasyon ang panganib na magkaroon ng impeksyon.

## 3 Pigilan ang Impeksyon sa Trabaho o Paaralan

- I-check ang sariling pisikal na kondisyon araw-araw. Kung sa tingin ay hindi maganda ang pakiramdam, huwag nang pumasok sa paaralan, magtrabaho, o lumabas. Sa trabaho at paaralan, mahalagang lumikha ng isang kapaligiran kung saan ang mga tao ay maaaring makaramdam ng kapanatagan sa pagkuha ng bakasyon.